ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LV Blg. 15
Agosto 7, 2024
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Pagkilos ng masa ang sagot sa krisis at kalamidad




Sinalanta kamakailan ng mga pagbaha at pagguho ng lupa sanhi ng ulang dala ng bagyo at habagat ang National Capital Region at malaking bahagi ng Luzon, hanggang sa Visayas at Mindanao. Rumagasa ang tubig mula sa mga kalbong bundok na nagresulta sa mga pagguho ng lupa, pag-apaw ng mababababaw na ilog na puno ng banlik, at pagbaha sa malalawak na bukid sa kapatagan. Tumaas ang tubig sa kalunsuran dahil sa sala-salabat na imprastruktura at reklamasyong bumara sa mga daluyan ng tubig, at dahil sa palpak na sistema ng pagkontrol sa baha.

Halos 50 ang namatay at milyun-milyon ang nagdusa. Daan-daang milyong piso ang napinsalang mga bahay at ari-arian, imprastruktura, mga pananim at kabuhayan ng masa. Muling nakita ang labis na bulnerabilidad sa sakuna ng milyun-milyong masang maralita sa mga barong-barong na walang sapat na pananggalang sa hangin at ulang dala ng mga bagyo.

Inilantad ng malalawak na pagbaha na hungkag at pawang kabulastugan ang ipinagmalaki ni Marcos—sa kanyang State of Nation Address, dalawang araw bago ang mga pagbaha—na "handang-handa" na ang kanyang gubyerno sa anumang bagyong darating. Napatunayang walang-saysay ang ipinagyabang na 5,500 proyektong pangkontrol sa baha na ginastusan ng kanyang gubyerno ng mahigit ₱255 bilyon noong nagdaang taon.

Sa nakalipas na mga taon, lalong dumadalas at lumalala ang salanta sa buhay at kabuhayan ng mamamayan dulot ng mga kalamidad. Resulta ito, hindi lamang ng mga pagbabago sa klima na nagdadala ng labis-labis na init o labis-labis na ulan, kundi laluna na ng sobra-sobrang kapalpakan at pagpapabaya ng reaksyunaryong estado. Lalong malaking salanta sa buhay at kabuhayan ng masa ang ibinubunga ng patuloy na pagbibigay-daan ng rehimeng Marcos sa walang pakundangan pagwasak sa mga kagubatan at pandarambong sa kalikasan.

Maagap na kumilos ang mga pwersa ng Partido at pambansa-demokratikong kilusan upang umagapay sa masa sa gitna ng kalamidad. Marami sa kanila ay kabilang din sa mga biktima ng pagbaha at pagkawasak ng mga bahay at ari-arian. Ang mabilis nilang pagharap sa kalamidad ay pagpapamalas ng pakikiisa sa dalamhati sa masang nasalanta, kahandaang kumilos para ibsan ang dinaranas na pagdurusa ng masa, at kamulatang pakilusin at tipunin ang lakas ng masa.

Sa mga lugar na sinalanta, pinakilos ang buong makinarya ng Partido upang mangalap ng tubig, pagkain, damit at iba pang pangangailangang pangkagipitan, at ma-

kipagtulungan sa iba't ibang ahensya at mga organisasyong pangkawanggawa upang kagyat na maihatid ang mga ito sa nasalanta. Kasabay nito, itinataas ang pag-unawa ng masa sa mga dahilan ng kalamidad at pangangailangan ng damayan para sama-samang muling makabangon mula sa salanta at magtanggol sa kanilang mga karapatan.

Ang pagpapalakas ng kilusang masa at pamumuno dito ng Partido ang susi sa epektibong pagharap ng masa sa mga kalamidad. Sa kabilang panig, sa pagharap sa mga kalamidad, ibayong mapalalakas ang kilusang masa at linangin ang inisyatiba at diwa ng sama-samang pagkilos, pagdadamayan at pagtutulungan ng masa. Marapat lamang na kung nasaan dumaraas ang masa ng pagdurusa, naroon ang Partido, mga rebolusyonaryo at demokratikong organisasyong masa upang itaas ang kamulatan at kakayanan ng masa na tumugon sa mga kalamidad.

Dapat maipabatid na sa pagharap sa kalamidad, kailangan ang damayan at pagkakawanggawa, subalit hindi ito sapat. Dapat itaas din ang kamalayang panlipunan at kamulatang pampulitika ng masa na ang pagdurusa nila sa kalamidad ay hindi simpleng sanhi ng sungit ng kalikasan o "parusa ng Diyos" kundi kagagawan ng mga dayuhang kapitalista at lokal na uring hayok sa yaman nandarambong sa kalikasan sa pondo ng bayan.

Dapat ituon ang kanilang pansin sa pagsingil sa rehimeng US-Marcos at buong reaksyunaryong estado sa mga patakaran at kapalpakan nitong nagpapalala sa hambalos ng mga kalamidad sa masa. Dapat labanan ang programa ng reaksyunaryong gubyerno na nagbibigay-prayoridad sa pagmimina, pagpapalawak ng mga plantasyon, kumbersyon ng lupa para sa mga proyektong *real estate*, kaliwa't kanang reklamasyon ng lupa, pagtatayo ng mga megadam, at iba pa.

Mas masahol pa, sinasamantala ng mga burukrata ang mga kalamidad para tumiba ng limpak-limpak na ganansya at burukratikong kurakot. Dapat ilantad ang katotohanang walang pangmatagalan o pangkalahatang plano sa pagkontrol sa baha, at batikusin ang daan-daang bilyong pondong inilalaan ng gubyerno sa mga proyektong "flood control" na pawang palabigasan lamang ng mga burukratang kapitalista at kroni sa negosyo.

Dapat kumilos ang masa para singilin ng danyos ang reaksyunaryong gubyerno sa pinsala sa kanilang buhay, kabuhayan at mga ari-arian dahil sa kabiguan nito sa sinumpaang tungkuling tiyakin ang kaligtasan at kagalingan ng sambayanang Pilipino. Higit sa ayuda, katarungang panlipunan ang sigaw ng taumbayan.

Sa mga larangang gerilya, dapat itayo o palakasin ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika, katuwang ang Bagong Hukbong Bayan, sa pagpapatupad ng mga patakaran sa pangangalaga ng kalikasan, pagbabawal sa mapanirang mga proyekto at pagparusa sa mga operasyong dumadambong sa mga bundok, gubat at ilog, at kumakamkam ng lupa ng masang magsasaka at minoryang mamamayan. Dapat pakilusin ang masa para sa paghahanda sa mga darating pang sakuna.

Tiyak na ang kamakailang kalamidad ay hindi siyang huli na sasalanta sa masa ng sambayanang Pilipino. Sa tantya ng mga eksperto, magsisimulang mamuo ang penomenong La Niña sa pagitan ng Agosto at Oktubre, na inaasahang magdadala ng higit na ulan. Lalo itong magdadala ng higit na pagdurusa sa masang Pilipino laluna sa harap ng sumisidhing krisis, pagtaas ng presyo ng bigas, karne, gulay at iba pang pagkain at saligang mga pangangailangan, at napakababang sahod at kita ng mamamayan.

Malaking hamon at pagkakataon ang hinaharap na krisis at kalamidad upang pamunuan at palakasin ng Partido ang buong rebolusyonaryong kilusan bilang sandata ng mamamayan sa pagtatanggol sa kanilang kapakanan. Dapat ubos-kayang ilaan ng lahat ng kadre at kasapi ng Partido ang kanilang talino at lakas para umugat at magpalawak sa hanay ng masa, upang pukawin, organisahin at pakilusin ang sambayanan bilang isang pwersang higit na makapangyarihang magwawakas sa lahat ng delubyong dala ng mapang-api at mapagsamantalang sistema. AB

ANG Bayan

Tomo LV Blg. 15 | Agosto 7, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Pagkilos ng masa ang sagot sa krisis at kalamidad 1
SONA ni Marcos, malayo sa katotohanan 3
SBDP, mukha ng korapsyon at pasismo 4
*Oil spill* sa Manila Bay 5
Pag-aaral sa IKP at AKP, inilunsad sa ST 5
Mga protesta 5
*Jeepney phaseout*, patuloy na nilalabanan 6
Pasistang lider ng Bangladesh, napatalsik 6
Mga manggagawa sa Nexperia, magwewelga 6
Eleksyon sa Venezuela, pinakikialaman ng US 6
Panghihimasok ng US sa Asia, “hypermode” 7
4 katao, pinaslang ng AFP 8
"Libreng wifi" sa Rizal, para sa sarbeylans 8
Sa madaling salita 9
Perwisyo ang hatid ng mga dam sa Kalinga 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# Malayo sa katotohanan ang ikatlong SONA ni Marcos Jr

Malayung-malayo sa katotohanan at sa araw-araw na pagdurusa ng mamamayang Pilipino ang ipinahayag ni Ferdinand Marcos Jr sa kanyang ikatlong State of the Nation Address (SONA) noong Hulyo 22. Ginamit niya lamang ang SONA para pagtakpan ang krisis sa ekonomya at ulit-ulitin ang kanyang mga tunog-engrandeng "tagumpay" at ipinangangalandakang "Bagong Pilipinas."

Lumikha si Marcos ng isang huwad na larawan. Sinadya niyang imenos ang nagdudumilat na mga problema tulad ng pagsirit ng presyo ng pagkain, serbisyo at yutilidad, kulang na kulang na sahod, matinding kawalan ng trabaho at kontraktwalisasyon, pang-aagaw ng lupa at kabuhayan, at lumalaking bilang ng mga biktima ng pampulitikang pamamaslang at panunupil.

Ang tanging nasiyahan sa talumpati ni Marcos ay ang malalaking negosyo, dayuhang kapitalista, at mga burukrata-kapitalista. Lahat sila ay nakinabang sa kanyang katiwalian, todong liberalisasyon sa pag-aangkat, mga proyektong imprastrukturang pinondohan ng dayuhan at may garantiya ng gubyerno na mahigpit na tinututulan ng taumbayan, at patakaran ng murang paggawa, at pagpapalit-gamit sa libu-libong ektarya ng lupa upang makaakit ng dayuhang pamumuhunan.

**SONA ng bayan**

Ang tunay na kalagayan ng bansa ay malinaw na narinig sa mga lansangan sa labas ng Kongreso, gayundin sa mga prubinsya, at sa sigaw ng mga migranteng manggagawa sa ibang bansa. Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), libu-libong Pilipino ang nagprotesta sa araw ng ikatlong SONA.

Kahit inulan, nagmartsa sa Commonwealth Avenue sa Quezon City ang mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, mga tsuper at opereytor ng dyip, pambansang minorya, mga maralitang lungsod, guro, manggagawang pangkalusugan, kawani ng gubyerno at iba pang mga demokratikong sektor.

Binatikos ng Bayan ang paggasta ng rehimeng Marcos ng ₱20 milyon para sa paghahanda, pakain at iba pang gastos para sa SONA. Kinundena din nila ang pagtatalaga ni Marcos ng 23,000 pulis sa Metro Manila para pigilan ang mga kilos-protesta. Hinarang ang bulto ng mga pambansa-demokratikong grupo na magmartsa papuntang Batasan Pambansa sa may Diliman Doctors Hospital.

Kalahok sa protesta ang higit 600 mula sa Southern Tagalog. Bago ang SONA, nagsagawa sila ng karaban sa pangunguna ng panrehiyong balangay ng Bayan. Sunud-sunod na protesta ang inilunsad ng delegasyon ng rehiyon sa iba't ibang ahensya sa Metro Manila, kabilang ang rali sa embahada ng US.


Samantala, itinuloy ng mga kinatawan ng Makabayan Bloc ang pagsusuot ng mga "protest outfit" o kasuotang mayroong ipinintang mga panawagan at imahe ng mga sektor na kanilang kinakatawan. Nanindigan silang isuot ang mga ito sa kabila ng naunang pagbabawal ng Kongreso at pagbabantang hindi sila papapasukin.

Inilunsad rin ang katulad na mga protesta at martsa sa Baguio City noong Hulyo 21, at sa Albay, Naga City, Cebu City, Bacolod City, Iloilo City, Roxas City sa Capiz, Aklan, at Davao City noong Hulyo 22. Nailunsad ang mga aktibidad sa kabila ng militarisasyon sa mga barangay sa kanayunan at mga panghaharang at tsekpoynt ng mga pulis sa syudad.

Nagsagawa naman ang may 200 bilanggong pulitikal ng isang araw na protestang pag-aayuno bilang pagbatikos sa rehimeng Marcos at upang isiwalat ang kalagayan nila sa loob ng masisikip na mga kulungan. Higit 100 ang nag-aayuno sa isla ng Negros habang nakiisa rin ang mga taga-Palawan, Camarines Sur at Metro Manila.

Ilang libong milya man ang layo sa inang bayan, nagsagawa ng pagkilos ang mga grupo ng migranteng Pilipino sa North America, Europe, Asia at Australia sa pangunguna ng mga balangay ng Bayan at Migrante noong Hulyo 21 hanggang Hulyo 24.

Nagkaroon ng mga aktibidad sa limang syudad sa Canada, sa pitong erya sa US kung saan 1,100 Pilipino ang lumahok, sa Austria, Germany, Italy, Switzerland, at United Kingdom. Nagkaroon naman ng pagkilos sa tatlong lugar sa Australia habang isang aktibidad ang inilunsad sa New Zealand. Sa Asia, mayroong mga aktibidad ang mga migranteng Pilipino sa Hong Kong, Japan, South Korea at Taiwan. AB



# Korapsyon at pasismo ang mukha ng SBDP ng NTF-Elcac sa Northern Samar

Panahon na naman ng pagdinig ng pambansang badyet sa Kongreso. Tulad ng inaasahan, bilyun-bilyong piso na naman ang hinihingi ng National Task Force (NTF)-Elcac para sa programa nitong Support to the Barangay Development Program (SBDP). Sa isinumiteng National Expenditure Program noong Hulyo 28, naglaan si Ferdinand Marcos Jr ng ₱7.8 bilyon para sa pasistang ahensya. Noong nakaraang taon, tumanggap ito ng ₱2.16 bilyon para sa 864 "cleared" na mga barangay. Taliwas sa pangakong pauunlarin ang buhay ng mga magsasaka (para diumano ay hindi na sumuporta sa armadong pakikibaka), nananatiling hikahos ang masa at lalo pang api dahil ginamit ng pasistang militar ang SBDP na pantabing sa lalong pagpapahirap sa taumbayan.

**Pagdurusa sa Barangay Hitapi-an**

Isa sa mga barangay na kabilang sa SBDP ng NTF-Elcac ang Hitapi-an sa Catubig, Northern Samar, na tumanggap ng ₱20-milyong pondo noong 2021. Dalawa pang barangay sa Catubig (Osang, Nagoocan) ang kasama sa SBDP ng NTF-Elcac sa taong iyon.

Kabi-kabila ang naging mga pangakong kalsada (*farm-to-market road* o FMR), klasrum, programang pangkabuhayan at ayudang pampinansya sa mga residente kapalit ng kanilang "pagbawi ng suporta" sa Bagong Hukbong Bayan. Kabilang dito ang proyektong "pastry" (pagtitinapay), at pag-aalaga ng kambing at pato. Pero pagkatapos ng tatlong taon, pumalpak ang lahat ng ito. Sa Osang, natengga lamang ang itinambak na mga makina sa pananahi dahil wala naman silang tinanggap na order sa pananahi.

Isinisi ng 20th IB at NTF-Elcac ang mga kapalpakang ito sa "kawalang pagsasanay" ng mga residente at kawalan ng paunang pag-aaral na diumano'y dapat inihanda ng lokal na gubyerno. Sagot ng lokal na mga upisyal, hindi naman sila kinonsulta nang planuhin at unang ipatupad ang naturang mga proyekto.

Inabot ng halos apat na taon bago natapos ng NTF-Elcac ang pagsesemento sa 400-metrong kalsada sa Hitapi-an. Pangita ng kawalan ng maayos na plano, ginawa ito ng mga sundalo sa gitna ng palayan na sumira sa mga sakahan. Nagkakahalaga ang proyekto ng tumataginting na ₱14 milyon, o ₱35,000 kada metro ng kalsada. Malayong mas mahal ito kahit sa katulad na mga FMR ng ahensya sa ibang rehiyon, indikasyon ng malaking anomalya. Malala, umabot lamang ang kalsada sa dulo ng kanugnog na barangay at malayong-malayo sa "market" o sentro ng komersyo. Inilalarawan pa ring "maputik, malayo at nasa gitna ng palayan" ang byahe mula sa sentro ng Catubig hanggang Hitapi-an. Kasunod na planong gawin ng AFP ang pagtatayo ng *evacuation center*, sinasabing pinakamalaki sa bayan, kahit hindi ito prayoridad ng barangay.



Ipinailalim ang Hitapi-an at ang klaster ng mga barangay na target ng SBDP sa Retooled Community Support Program (RCSP) ng 20th IB. Naging rekisito sa mga residente na "sumurender" bago makatanggap ng mga benepisyo. Ipinailalim ang baryo sa mahigpit na paghaharing militar. Mula Enero 2021 hanggang Hunyo 2024, nakatala ang Ang Bayan ng hindi bababa sa 26 kaso ng seryosong mga paglabag sa karapatang-tao sa buong Catubig. Kabilang dito ang ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot, walang pakundangang pamamaril at intimidasyon. Partikular sa Hitapi-an at Osang, naisadokumento ng AB ang pangwawasak ng ari-arian, iligal na pagrerekisa at pang-aagaw, at pambabanta sa mga sibilyan.

Noong 2023, itinambak sa klaster na ito ang ilang yunit ng 74th IB para "tulungan" ang 20th IB na "inutil" sa paggapi sa noo'y sinasabing iilang Pulang mandirigma na natitira sa Northern Samar. Nagkakainitan pa ang dalawang batalyon sa pag-uunahang umako sa mga "nagpa-clear" na sibilyan para makakubra ng pabuya at pondo sa programang Enhanced Comprehensive Local Integration Program.

Sa pagitan ng dalawang yunit-militar, paulit-ulit na ipinataw sa mga barangay na ito ang mahihigpit na *lockdown* mula nakaraang taon. Taranta at balisa ang mga sundalo sa kaiisip na pinaliligiran sila ng mga taong patuloy na sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan, at nangangambang anumang oras ay maaaring salakayin sila ng BHB. Mahigpit nilang minamanmanan ang bawat kilos ng mga residente at nili-

*Sundan sa pahina 5*

## Sabwatang Marcos-San Miguel, pinananagot sa *oil spill* sa Manila Bay

PINAPANAGOT NG MGA grupong maka-kalikasan ang San Miguel Corporation at ang rehimeng Marcos sa naganap na *oil spill* (tumapong langis) mula sa lumubog na barkong MT Terra Nova sa Manila Bay. Anila, dapat managot ang mga ito sa pinsalang dala ng tumapong langis sa kabuhayan ng komunidad, sistema ng ekolohiya at kalusugan ng mamamayan.

Ang MT Terra Nova ay barkong kinontrata ng Petron Corporation, kumpanyang pag-aari ng San Miguel Corporation, para maghatid ng 1.4 milyong litrong pang-industriyang langis sa isla ng Panay. Pinayagan itong lumayag ng Philippine Coast Guard sa kabila ng masungit na panahon. Lumubog ito ilang kilometro mula sa baybay ng Limay, Bataan noong Hulyo 25 at nagsimulang tumagas ang langis dalawang araw pagkatapos nito.

Pangalawang malakihang *oil spill* na ito sa ilalim ng rehimeng Marcos. Noong nakaraang taon, lumubog malapit sa Lubang, Oriental Mindoro ang MT Princess Empress at tumapon ang karga nitong 800,000 litrong langis na kinontratang ipadeliber ng Petron. Hanggang ngayon, iniinda pa ng halos 25,000 mangingisda ang pinsalang idinulot nito sa mga baybayin ng Oriental Mindoro at katabing mga prubinsya. Sangkot din ang Petron sa *oil spill* sa Cavite noong 2013 (500,000 litro); at ang pinakamalalang *oil spill* sa Guimaras (2.1 milyong litro) noong 2006.

Mapanganib sa kalusugan ng tao ang langis na karaniwang tumatagas sa mga barko. Naglalaman ito ng mga nakalalasong kemikal tulad ng *mercury*, *arsenic* at *lead*. Ang mga ito ay maaring magdulot ng pangangati sa balat, iritasyon sa paghinga at kanser. Malaki rin ang epekto nito sa kalikasan at saribuhay sa karagatan at baybay. Sa pangmatagalan, apektado ng mga kemikal na ito ang reproduksyon ng mga isda na mangangahulugan ng pagbagsak ng huli ng mga mangingisda kahit wala na ang *oil spill*.

Kung kumalat nang husto ang tumapong langis sa Manila Bay, maapektuhan ang kabuhayan ng di bababa sa 29,000 mangingisda sa Cavite pa lamang. Maaari ring umabot sa ₱351 milyon ang halaga ng pinsala sa kabuhayan ng 46,000 mangingisdsa sa Central Luzon, Region 4A at National Capital Region. Nanganganib na mapinsala ng *oil spill* ang mga bakawan, *seagrass*, *coral reefs* at mga palaisdaan.

## Pag-aaral sa IKP at AKP, inilunsad sa Southern Tagalog

HINDI BABABA SA 21 indibidwal ang nakapagtapos sa magkasunod na pag-aaral ng Intermedya (IKP) at Abanteng Kurso ng Partido (AKP) sa Southern Tagalog noong Mayo at Hunyo, ayon sa ulat ng Kalatas, rebolusyonaryong pahayagan sa rehiyon, sa isyu nito noong Hunyo. Nagmula ang mga estudyanteng nagtapos sa mga sangay ng Partido sa hukbong bayan at sentrong bayan.

Bahagi ito ng gawaing konsolidasyon kasunod ng mga paglalagom ng mga komite ng Partido.

Naisagawa ang pag-aaral sa gitna ng inilulunsad na *focused military operations* ng mga pasistang tropa ng Armed Forces of the Philippines. Naging matagumpay ito dahil sa kapasyahan ng komite at mga yunit, mahigpit na koordinasyon at mahusay na pagsusuri at hakbangin ng yunit kumand ng hukbong bayan, at ang dimatatawarang suporta ng baseng masa.

*Mula sa pahina 4*

limita kahit ang kanilang oras sa trabaho. Mahigpit din ang pagmamanman sa paglabas-masok sa barangay, at pinapipirma ang sinuman sa *logbook* sa takot na "malusutan" ng BHB. Nililimitahan nila ang pagbili ng pagkain, panggatong at iba pang pangkonsumo sa paniniwalang ipapasa ang mga ito sa mga Pulang mandirigma. AB

**Tigil-pasada sa UP-Diliman.** Nagtigil-pasada ang mga tsuper at opereytor ng dyip na bumibyahe sa loob ng UP-Diliman noong Agosto 1 para tutulan ang pagpasok ng kooperatiba ng *e-jeepney* na aagaw sa ruta ng mga tradisyunal na dyip sa kampus. Pinangunahan ang pagkilos ng UP Transport Group, sa suporta ng mga estudyante, guro, at mga manggagawa at kawani ng unibersidad. Nagsumite rin ang grupo ng liham sa pamunuan ng UP-Diliman. Laman nito ang anim na kahingian ng mga tsuper.

**Pagsalubong sa unang araw ng klase.** Nagprotesta sa Mendiola sa Maynila ang mga gurong kasapi ng ACT-Philippines noong Hulyo 29, kasabay ng pagbubukas ng klase. Binatikos nila ang kapabayaan ng rehimeng Marcos at mga palpak na patakaran nito sa edukasyon. Anila, bigo ang rehimeng Marcos na tugunan ang pamalagiang kakulangan ng mga klasrum, guro, mga tauhang pansuporta sa sektor ng edukasyon, kagamitan sa pagtuturo at mga pasilidad.

**Mga biktima ng bagyong Carina, nagpiket.** Magkasunod na piket-protesta ang inilunsad ng mga maralitang-lunsod at grupong maka-kalikasan noong Hulyo 29 sa upisina ng Department of Social Welfare and Development at Department of Environment and Natural Resources sa Metro Manila. Sinisingil nila ang rehimeng Marcos at mga ahensya nito sa kanilang kapabayaan at pananagutan sa mga nasalanta ng bagyong Carina.

## *Jeepney phaseout*, patuloy na nilalabanan

PATULOY NA IGINIGIIT ng mga drayber at opereytor ang pagbabasura ng Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP) na nagtutulak ng *jeepney phaseout* at pagpalit sa mga ito ng mahal at pinaglumaan nang mga imported na *mini-bus*. Ito ay matapos ideklara ng Department of Transportation (DOTr) na tuloy ang PUVMP sa kabila ng ikalawang resolusyon ng senado para ipasuspinde ang programa.

Binigyang pansin ng senado na malaking bilang ng mga dyip ang tumangging magkonsolida, dahil kawalang-kakayahan ng mga drayber at opereytor na bumili ng napakamahal na mga *mini-bus*.

Masuspinde man o hindi ang PUVMP, malaki na ang idinulot nitong pinsala sa kabuhayan ng mga drayber at opereytor. Tinangka nitong pinigilan ang malaking bilang ng mga dyip na mamasada sa bantang haharangin ang mga di konsolidadong dyip, kakasuhan ang mga drayber at kukunin (*impound*) ang mga dyip.

Ito ay sa kabila ng hindi isinapublikong resolusyon ng LTFRB noong Abril 30 na nagpahintulot sa mga hindi konsolidadong dyip na mamasada sa mga rutang wala o mababa ang konsolidadong prangkisa. Sadyang inilingid ito ng LTFRB sa mga drayber at opereytor para pwersahin ang malaki-laki pang bilang ng mga drayber na hindi nagpakonsolida na magpailalim sa PUVMP.

Pabigat ang programa kahit sa mga nagkonsolida at napwersang bumili ng mamahaling mga sasakyan na marupok at di madaling hanapan ng pyesa. Sa Iloilo City, nagbunga ang PUVMP sa pagbabawas ng maraming ruta ng maliliit na kooperatiba at pagmonopolisa ng malalaking korporasyon sa mayor na mga ruta sa loob ng syudad.

Patuloy ang panawagan ng Piston para sa pagbabalik sa 5-taong indibidwal na prangkisa at pag-atras ng mga napwersang mga drayber sa kanilang aplikayon para sa konsolidasyon.

## Pasistang lider ng Bangladesh, napatalsik ng mga protesta

NAPATALSIK NG MAMAMAYANG Bangladesh ang *prime minister* ng bansa na si Sheik Hasina Wazed kahapon, Agosto 5, sa gitna ng dambuhalang mga protesta laban sa kanyang paghahari. Napalayas siya isang araw matapos maganap ang pinakamadugong protesta sa bansa, kung saan pinaulanan ng bala ng mga pulis ang libu-libong raliyista. Mahigit 90 ang agad na napatay at daan-daan ang nasugatan sa araw na ito.

Nagsimula ang mga protesta sa loob ng mga unibersidad laban sa sistemang kota sa pagbibigay ng mga trabaho sa burukrasyang sibil. Mabilis na lumaganap ang paglaban matapos paulit-ulit na salakayin ng mga pwersa ni Hasina ang mga demonstrasyon. Nagpatupad si Hasina ng karpyu, pinutol ang *internet*, pinasara ang mga unibersidad at ang midya. Sa tindi ng brutalidad ng mga pulis, umabot sa panawagan sa pagbaba ni Hasina. Sa kabuuan, mahigit 300 na napatay sa mga protesta na unang sumiklab noong Hunyo.

Nasa sentro ng mga protesta ng mga estudyante at mamamayan ng Bangladesh ang matinding krisis sa ekonomya, at ang kawalan ng trabaho at mga oportunidad sa bansa. Ang tanging matinong trabaho sa bansa, laluna sa mga nakapagtapos sa kolehiyo, ay mga pwesto sa gubyerno. Dahil sa sistemang kota, naging limitado ang mga pusisyong ito. Binago na ng Korte Suprema ang sistemang ito noong ikalawang linggo ng Hulyo.

## Mga manggagawa sa Nexperia, magwewelga

BUMOTO ANG 1,246 sa kabuuang 1,883 manggagawa ng Nexperia Philippines Inc. Workers' Union (NPIWU)-NAFLU-KMU pabor sa paglulunsad ng welga laban sa malawakang tanggalan ng kumpanya. Isinagawa ng unyon ang *strike vote* noong Hulyo 29-30 sa Cabuyao, Laguna.

Maayos na naisagawa ang aktibidad matapos ang naunang naantalang botohan noong Hulyo 17-18 dahil sa lantarang pakikialam ng maneydsment. Naghain ang unyon ng Notice of Strike noong Hunyo 26.

**Manggagawa sa senado.** Noong Agosto 2, kasabay ng asembleya ng NPIWU-NAFLU-KMU, ianunsyo ni Jerome Adonis, pangkalahatang kalihim ng Kilusang Mayo Uno, ang kanyang pagtakbo sa pagkasenador sa ilalim ng Koalisyong Makabayan sa darating na halalang 2025. Si Adonis, 22 taon nang organisador ng KMU, ang ikatlong kandidato sa ilalim ng Makabayan.

## Eleksyon sa Venezuela, pinakikialaman ng US

MATAGUMPAY NA IDINAOS sa Venezuela ang eleksyong pampanguluhan noong Hulyo 28. Nanalo dito ang nakaupong presidente na si Nicolas Maduro, isa sa mga matatag na anti-imperyalistang pinuno sa Latin America. Nakakuha siya ng 51.2% ng mga boto, laban sa kalaban niyang si Edmundo Gonzalez Urrutia, na nakakuha ng 44.2%.

Tinangka ng US at mga alyado nito sa Latin America na guluhin ang eleksyon sa pamamagitan ng pag-*hack* sa *data transmission system* na nagresulta sa pagkabalam ng paglalabas ng resulta ng bilangan. Nang di nagtagumpay, idineklara nitong "dinaya" ang eleksyon at kinilala si Urrutia bilang "panalo" kahit walang hawak na ebidensya ng dayaan.

Si Urrutia ay panghaliling kandidato ng oposisyon na si Maria Corina Machado, na pinagbawalang tumakbo dahil sa pagsuporta niya sa US sa pagpataw ng mga sangsyong pang-ekonomya na nagpapahirap sa Venezuela, at sa pagpanawagan para sa dayuhang interbensyong militar para patalsikin si Maduro.

# Panghihimasok ng US sa Asia, pumasok sa “hypermode”

Pumasok sa “hypermode” o mas maigting na yugto ang panghihimasok ng imperyalistang US sa Asia noong Hulyo. Mula Hulyo 25, anim na bansa sa Asia ang inikot sa 10 araw ni State Sec. Antony Blinken (kalihim sa ugnayang panlabas). Bumisita at nakipagpulong si Blinken sa Vietnam, Laos, Japan, Pilipinas, Singapore at Mongolia. Ayon sa pahayag mismo ng US, layunin nitong ipaabot sa mga “alyado” ng US na nananatiling “balot sa bakal” ang komitment nito sa rehiyon sa huling anim na buwan ng administrasyon ni Pres. Joseph Biden. Nakatakda nang bumaba si Biden matapos ang eleksyon sa US sa Nobyembre.


Sa Japan at Pilipinas, katuwang ni Blinken si Defense Sec. Lloyd Austin sa tinaguriang 2+2 na pagpupulong sa mga katapat nilang ministro.

Sa Japan, itinulak ng US ang pagpapalobo ng badyet pangmilitar nito sa "makasaysayang antas" para itaas ang kakayahang militar nito laban sa komun nilang karibal na China. Kabilang dito ang pagpapaunlad ng Japan ng mga armas nukleyar sa tabing ng "nuclear deterrence" (pagpigil ng posibilidad ng isang nukleyar na gera). Pinalakas rin ng US ang tinataguriang US Forces Japan sa Tokyo, na sentrong kumand ng militar ng US na namamahala sa hindi bababa sa 120 aktibong base militar ng US sa bansa. Mahigit 55,000 tropang Amerikano ang permanenteng nakabase sa Japan.

Dumating sa Pilipinas si Blinken noong Hulyo 29 para sa mga pulong diplomatiko at panseguridad. Pangatlo na niya itong pagdalaw sa bansa sa nakaraang dalawang taon. Noong Hulyo 30, sa unang pagkakataon, idinaos sa Pilipinas ang 2+2 na pulong, na mula umpisahan noong 2012 ay sa US laging idinadaos. Pinulong nina Blinken at Austin sina Enrique Manalo, kalihim ng Depatment of Foreign Affairs at Gilberto Teodoro, kalihim ng Department of National Defense ng Pilipinas. Bago ito, pinulong ng dalawang upisyal ng US si Ferdinand Marcos sa Malacañang noong Hulyo 29.

Tinalakay sa naturang pulong ang plano para sa pagbubuo ng General Security of Military Information Agreement. Lalamnin ng naturang kasunduan ang kunway "pagbabahaginan" ng sensitibong mga impormasyong militar sa pagitan ng dalawang bansa. Malamang na isa na naman itong tagibang na kasunduang militar sa pagitan ng US at Pilipinas, na sasaklaw lamang sa “sensitibong impormasyon” mula sa Pilipinas. Gagawin lamang nitong pormal ang malaon nang panghihimasok ng US sa mga internal na usaping may kaugnayan sa pambansang seguridad ng Pilipinas.

Dito rin inanunsyo ni Austin ang pagbibigay ng US ng $500 milyong ayudang militar (o *foreign military financing*) sa Pilipinas. Ang halagang ito ay 12 beses na mas malaki kumpara sa $40 milyong karaniwang taunang ayudang militar ng US sa Pilipinas. Gagamitin ito sa “pagbili” ng pinaglumaang mga armas at sasakyang pandigma, na gustong itambak ng US sa bansa sa tabing ng “modernisasyon” ng AFP. Layunin nitong higit pang itali ang Pilipinas sa heyopulitkal na estratehiya nito at gamitin ang bansa bilang lunsaran ng inihahanda nitong gera sa rehiyon. Labas dito, inianunsyo rin ni Austin na maglalaan ito ng $128 milyon sa isasagawang mga konstruksyon ng hindi bababa sa siyam na base militar sa ilalim ng EDCA na para sa ekslusibong gamit ng mga tropang Amerikano.




Sinalubong ng mga protesta ang muling pagbisita nina Blinken at Austin sa Pilipinas. Nagtungo sa Camp Aguinaldo ang iba't ibang grupong pambansa-demokratiko noong Hulyo 30 para batikusin ang rehimeng Marcos sa pagpapapasok sa dalawang kriminal sa digma sa bansa. Anila, responsable ang dalawang ito sa panunulsol ng gera sa iba't ibang bahagi ng buong mundo, at sa pagtutulak ng henosidyo sa Palestine.

Binatikos din nila si Marcos sa kanyang panlilimos at pangangayupapa sa dalawang imperyalistang ahente, pagpahintulot sa presensya ng mga dayuhang tropa at pagsuko sa soberanya ng bansa sa dumaraming “EDCA site” at mga *war games* na pumipinsala sa kabuhayan ng mamamayan. Noong Hulyo 31, nagsagawa naman ng raling iglap ang kabataan sa harap ng embahada ng US.

Sa Japan, nagkaroon ng katulad na protesta noong Hulyo 28 kasabay ng US-Japan 2+2 *ministerial meet* sa Tokyo. Panawagan ng mga aktibista kapwa sa Japan at Pilipinas, “Blinken at Austin, not welcome!” AB

# 4 katao, pinaslang ng AFP

Tatlong *hors de combat* at isang matandang magsasaka ang walang kalaban-labang pinatay ng militar sa nagdaang mga linggo. Walo naman ang inaresto at sinampahan ng gawa-gawang kasong kriminal.

Sa Negros Occidental, dinampot ng 15th IB ang 69-anyos na magsasakang si Ramon Enseniales, dinala sa gubat, at sadyang pinaslang noong Hulyo 29 sa Sityo Pasto, Barangay Basak, Cauayan.

Dalawang *hors de combat* na mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southwest Negros ang pinaslang rin ng 15th IB sa Barangay Camindangan, Sipalay City sa naturang prubinsya. Noong Hulyo 29, dinakip ng 15th IB ang 23-anyos na Pulang mandirigma na si Reggie Fundador (Ka Tata) sa Sityo Badyang. Kinabukasan, nakita na lamang ang bangkay niya sa daanan sa Crossing Magtanday, Barangay Camindangan. Kitang-kita sa kanyang bangkay ang mga bakas ng tortyur. Noong Agosto 1, pinaslang ng 15th IB ang *hors de combat* na si Alvin Lumagsao Sinsano (Ka Zian) sa Sityo Cambuguiot sa parehong barangay.

Sa Rizal, sadyang pinaslang matapos dakpin ng 80th IB si Wally Agudes (Ka KM) noong Hulyo 18 sa Barangay Burgos, Rodriguez. Si Ka KM ay mayroong sakit na malalang trangkaso na dahilan ng kanyang pananatili sa komunidad.

**Pag-aresto.** Iligal na inaresto at tinorytur ng mga pwersa ng estado ang apat na organisador ng mga magsasaka na sina Maria Theresa Buscayno, Desiree Jaranilla Patuñog, Andres Ely, at Oliver Millo noong Hulyo 29 ng gabi. Dinampot sila habang bumibyahe sa Jose Abad Santos Avenue sa Mexico, Pampanga.

Sinampahan sila ng mga kasong *illegal possession of firearms and explosives*. Pinalalabas na nakumpiska sa kanila ang iba't ibang mga armas at granada. Nakakulong sila ngayon sa San Fernando, Pampanga.

Noong Hulyo 11, inaresto ng 203rd IBde ang sityo lider ng Sityo Lukban, Barangay Panaytayan, Mansalay sa Oriental Mindoro na si G. Itaw Ramunyan. Idinadawit siya sa naganap na labanan ng isang yunit ng 203rd IBde at BHB sa naturang sityo noong umaga ng araw na iyon.

Ilang araw matapos nito, inaresto't ikinulong ng mga sundalo ang dalawa pang Mangyan-Hanunuo kasama ang dalawa nilang pasahero habang nasa byahe sa Sityo Tambangan, San Roque, Bulalacao.

Sa Rizal, inaresto rin noong Hulyo si Laila Ramos, isang organisador ng katutubong Dumagat-Remontado.

**Demolisyon.** Marahas na dinemolis ng mga tauhan ng kumpanyang Megaland Prime Estate Corporation ang tinaguriang Donald Compound sa FB Harrison St sa Pasay City noong Agosto 1. Winasak ng *demolition team* ang 40 kabahayan kung saan nakatira ang 500 residente.

Dinampot ng mga pulis noong Agosto 3 ang aktibistang si Benedict Macabenta na nasa lugar para sumuporta sa mga residente. Tinapakan siya ng mga pulis at pinagsusuntok sa mukha.

Sa Quezon City, hindi bababa sa tatlong kababaihang residente ng King Christian St, Barangay Bagbag, Novaliches ang nasugatan noong Hulyo 28 sa pagtutol nila sa iligal na pagbabakod at demolisyon sa kanilang komunidad. May 30 mga trabahador at maton ni Roberto Collantes, nang-aagaw ng lupa, ang inutusan na gibain ang mga bahay sa lugar.

**Panggigipit.** Sinampahan ng kasong pagpatay at pinaratangan na myembro ng BHB ang tatlong kagawad ng midya at isang upisyal sa impormasyon ng lokal na gubyerno sa Masbate noong Hulyo. Isinagawa ito matapos nilang magsampa ng 11 kaso ng pandarambong laban kay Gov. Antonio Kho ng Masbate at sa kanyang mga tauhan noong Marso 25 hinggil sa korapsyon sa mga lokal na proyekto sa prubinsya.

Sa Quezon City, tinutukan ng baril at pinagbantaan ang organisador ng manggagawa na si Grace Villota sa University of the Philippines-Diliman noong gabi ng Hulyo 22. AB

### "Libreng wifi" ng NCIP sa Rizal, para sa sarbeylans

NAGPAHAYAG NG PANGAMBA ang mga residente ng Barangay San Rafael, Rodriguez, Rizal sa ikinabit ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) na "libreng wifi" sa kanilang barangay noong Mayo. Batid nilang inilagay ito para manmanan sila ng National Task Force-Elcac.

Ayon sa ulat, mismong ang NCIP ang naglantad sa layunin ng "libreng serbisyo." Sa isang pulong noong Mayo 24, inatasan ng mga tauhan nito ang mga residente na gamitin ang libreng wifi para "umugnay sa NTF-Elcac at mag-ulat ng mga bali-balita upang panatilihin ang kapayapaan ng barangay."

Para makagamit, kailangang ibigay ng gagamit ang kanyang pangalan, edad at kasarian. Ibig sabihin, iipunin ng NCIP at NTF-Elcac ang personal na impormasyon ng mga gagamit ng serbisyo. Itinayo ang "libreng serbisyo" katuwang ang United Nations Development Programme at Broadband ng Masa.

## 30%

**lamang ang natapos sa "master plan" pangkontra-baha sa NCR sa nakaraang dekada. Wala pang nasisimulan muli sa mga ito sa 2 taong panunungkulan ni Marcos.**

## 1,002

eskwelahang hindi nakapagbukas ng klase noong Hulyo 29, dahil sa salanta ng bagyong Carina at hanging habagat.

Sanhi nito ang kainutilan at kawalang paghahanda ng DepEd at rehimeng Marcos.

## ₱848 BILYON

ang awtomatikong inilaan para sa pagbabayad sa interes ng pambansang utang sa 2025 panukalang badyet, 25.6% mas mataas kumpara sa nakaraang taon.

## ₱89.9 BILYON

ang "di nagastos" na pondo ng Philhealth ang "ibinalik" sa pambansang kaban, sa kabila ng napakaraming pasyenteng hindi nakatatamasa ng benepisyong ito.

## 461.4 milimetro

ng ulan ang bumuhos noong Hulyo 25 sa pagragasa ng Bagyong Carina at habagat, higit sa 455 milimetro ng ulan ng Bagyong Ondoy noong 2009.

## $152 trilyon

ang halaga ng rekursong hinuthot ng mayayamang bansa sa mga bansang atrasado at malakolonyal mula 1960 hanggang 2018. Kabilang dito ang bilyun-bilyong toneladang hilaw na materyales at bilyun-bilyong oras ng murang lakas-paggawa sa mga bansang ito.

*Pinagkunan: Plunder in the Post-Colonial Era: Quantifying Drain from the Global South Through Unequal Exchange, 1960–2018*

## 48%

ng mga kasal na Pilipina ang nakaranas ng pisikal na pang-aabuso mula sa kanilang asawa.

## 359

kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang na may kaugnayan sa bentahan ng iligal na droga ang naitala sa pangalawang taon ni Marcos sa poder, taliwas sa pahayag niyang "bloodless" (hindi madugo) na ang "gera kontra-droga."

*Pinagkunan: DahasPh*

# Perwisyo at pagbaha ang hatid ng mga proyektong dam sa Kalinga

Sa pagpasok ng panahon ng tag-ulan, muling tumataas ang pangamba ng mamamayan sa Northern at Central Luzon sa perwisyo at pagbaha na idudulot ng mga dam na planong itayo ng rehimeng Marcos sa Cordillera. Higit 100 negosyong *hydropower dam* ang nakatakdang itayo sa rehiyon. Hindi bababa sa 20 ang itatayo sa mayor na mga ilog ng Kalinga.



Nagsisilbing pinagkukunan ng maiinom na tubig at irigasyon ang mga ilog at sapa sa Kalinga. Mayor na produkto dito ang palay, mais, kape, saging at iba-ibang uri ng *beans*.

Pangunahing ilog sa prubinsya ang Chico River na nagmumula sa Mountain Province at bumabaybay sa habang 175 kilometro bago sumanib sa Cagayan River. Sa halip na pangalagaan ang mga yamang tubig na ito, at paunlarin para sa pagpapataas ng produksyon at pangangailangan ng mamamayan, inilalako ito ng rehimeng Marcos sa mga dayuhan at lokal na kapitalista. Sa tabing ng pagtataguyod sa "renewable energy," itinutulak ng rehimeng Marcos ang mga *hydropower dam* bilang pagkukunan ng kuryente.

Itinuturing ang Cordillera bilang may pinakamalaking potensyal para sa *hydropower*. Pinaglalawayan ni Marcos at ng kanyang mga alipures ang pondong ibubuhos ng mga imperyalistang bansa sa pagtatayo ng mga dam sa ngalan ng "pagharap sa krisis sa klima." Todo-bigay siya ng mga pribilehiyo sa mga kumpanya, kabilang ang paglilibre sa pagbabayad ng buwis at iba pang insentiba.

Kasama rin na pang-engganyo sa mga dayuhan ang pinabilis at pinadaling pag-apruba sa kanilang aplikasyon. Ginagamit ang mga ahensya ng gubyerno para linlangin, pagwatak-watakin at pilitin ang mga grupo ng pambansang minorya na suportahan ang mga proyektong ito. Itinatalaga rin ang AFP para maggwardya sa mga proyekto at supilin ang pagtutol sa mga ito.

Pinakamalaki sa mga proyekto ang Chico River Hydropower Project na sinasabing may kabuuang kapasidad na 150 *megawatts*. Pinangungunahan ito ng San Lorenzo Ruiz Piat Energy at Water, Inc.

**Malawakang pinsala**

Walang ibang dulot sa mga katutubo ng Kalinga at Cordillera, at mamamayan ng katabing mga rehiyon, ang mga proyektong ito kundi malawakang pinsala. Maraming puno ang puputulin para sa konstruksyon ng mga dam, dudumi at mawawasak ang kalupaan. Kokopohin ng mga kumpanya ang mga mineral na makukuha sa lupa.

May mga komunidad na babahain, habang mayroong mawawalan ng tubig. Ang mga komunidad sa baba ng dam ay makakaranas ng biglaang mga pagbaha. Ganito ang karanasan ng Cagayan Valley nang manalasa ang bagyong Ulysses noong Nobyembre 2020. Nalubog noon sa baha ang 60 bayan at syudad matapos kinailangang buksan ang Magat Dam dahil sa pag-apaw ng mga ilog. Higit 300,000 mamamayan ang nasalanta.

Samantala, ang mga komunidad naman sa ilaya o unahan ng dam ay makararanas ng *siltation* o pagbabaw ng ilog, sanhi ng pag-ipon ng lupa at pagbago sa daloy ng tubig.

Anuman ang disenyo ng dam ay may mababawas sa tubig na libreng pinakikinabangan ng mamamayan para sa irigasyon at gamit-bahay. Kahit pa sabihin ng mga kumpanya na "maliliit na dam" ang itatayo, kung serye o magkakasunod sa iisang ilog, ay parehas din sa malaking dam ang epekto ng mga ito ayon sa Cordillera People's Democratic Front (CPDF)-Kalinga.

Maaapektuhan din ng daloy at lalim ng tubig ang mga hayop at halamang nabubuhay sa katubigan. Maaari silang maanod dahil lumalim ang tubig sa dam o naging masyadong malakas ang agos ng tubig papasok sa *tunnel*. Mamamatay din ang mga hayop at halaman sa bandang ilaya kung bumabaw ang tubig at dumami ang banlik.

Sa harap ng mga ito, hamon ng CPDF-Kalinga ang pagbubuo ng pinakamalawak na pagkakaisa sa mamamayan sa Cordillera upang sama-samang ipagtanggol ang kanilang lupa at rekurso. Dapat gamitin ang mga anyo ng pagbubuklod tulad ng mga progresibo at rebolusyonaryong *bodong*, pagtatayo ng rebolusyonaryong gubyerno ng mamamayan ng Cordillera (CPRAG o Cordillera People's Revolutionary Autonomous Government) at mga balangay ng CPDF.

Panawagan din nilang makipagkaisa sa mga mamamayan sa ibang mga rehiyon ng Pilipinas at sa ibang bansa na naninindigan laban sa pang-aagaw ng mga negosyong kapitalista sa kanilang lupa at rekurso.

*Halaw sa praymer ng CPDF-Kalinga, Mayo 2024.*